

Chapter-5

Khell Pov

"Ate" sigaw ng kapatid ko. Nagulat man ay ngumiti ako at dinamba ito ng yakap.

"Anong ginagawa mo dito?" tanong ko.

"Binibisita ka, tagal na kasi noong huli" oo nga pala, medyo matagal na rin noong huling kita namin at sa family dinner pa. Masama pa rin ang loob ko dito dahil umuwi man lang sa magulang namin na hindi ako inin-form.

"Kumain kana ba?" pag-ibaba ko sa usapan. Umiling ito kaya naman inaya ko ito sa isang restaurant na malapit sa University. "Pumili kana ng gusto mo"

We ordered beef steak and pineapple juice. Nagtataka pa ako ng pagkabalik ng waiter ay tatlong order ito, gayong dalawa lang naman kami.

"May kasama ba tayo na hindi ko nakikita?" I asked, tumawa naman ito

"I invite ate Christell" he said na napamaang sa akin. Sakto naman pagbukas ng glass door at pumasok ang babaeng hindi ko na nakakausap.

Our eyes met, pero ako rin ang unang umiwas. "I am late?" she asked my brother.

"Hindi naman ate, sakto lang dating mo" ngumiti pa ito. Umupo ito sa tabi ko, kagat labi kong pinigilan ang kabang nararamdaman.

Bakit ba ako kinakabahan sa kanya? Wala nga akong pakealam eh.

"Let's eat" wika nito sa malamig na boses.

Hindi ko ito pinansin at kumain ng tahimik.

"Ate Christell, magkatabi ba kayong matulog ni ate?" nabulunan ako sa beef steak na kinakain ko. Dinaluhan naman ako ni Christell ng juice na agad ko naman kinuha at tinanong.

Sinamaan ko naman ng tingin ang kapatid ko na ngayon ay walang pakealam sa akin at ngumiti pa ng matamis.

"Tigilan mo nga ang pagtatanong niyan—"

"Saturday Night" putol nito sa sasabihin ko. I was shocked and avertize my gaze. Ano ba ang sinasabi ng babaeng to.

"Noong sabado pa? Bakit naman hindi araw-araw?" tanong ng kapatid ko.

"Tigilan mo nga ang pagtatanong niyan Kian" suwag ko.

"Ayaw niya" simpleng sagot ni Christell, hindi ko alam kung ano ire-react ko sa sinasabi nito.

Tahimik lamang ako sa tabi, gusto ko nang tumakbo dahil sa pag-iinit ng magkabilang pisngi ko sa usapan nila. Pakiramdam ko ay namumula na ako. Hindi ko na rin masiyadong ginagalaw ang pagkain ko.

"Drink this" she said and give me a bottl of water. I stared her. "Don't drink juice, It's not good for you, lalo na may ulcer ka" dugtong nito nang tapos na kaming kumain.

"Alis na po ako" wika ni Kian na ngayon ay naka-tayo na sa harapan namin. Kakatapos lang nito pumunta ng wash-hand area.

"Ang aga mo naman"

"Marami pa kasi akong tatapusin na project ate" ngiti nito at yumakap sa akin. Ganon rin ang ginawa nito kay Christell.

"Sige lumayas kana" ngumuso naman ito at nagpaalam na rin.

Tumingin ako sa katabi ko na tahimik lang habang nakatingin sa malayo.

Ininom ko ang tubig na binigay nito at tumingin ulit sa kanya. "Stop staring" nagulat ako nang tumingin ito ng masama.

"Pangit talaga ng ugali mo" singhal ko, mas lalong sumama ang tingin nito sa akin.

"I hate you" she said na nagpatahimik sa akin. I feel flickered on my chest. Parang hindi kayang tanggapin. Hindi ko alam kung ano itong nararamdaman ko.

STORY CONTINUES BELOW

"Yeah same" saad ko at naglakad palayo. Ang bigat ng damdamin ko.

Ngayon niya nga lang ako kinakausap ganon pa siya sa akin hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Matutuwa ba ako o maiinis? Halu-halong emosyon.

Pagdating sa University ay nagmukmok na naman ako sa o ice, inabala ko na lang ang sarili ko sa pag che-check sa mga exam ng estudyante, mabuti na lang ay mataaas ang mga score nila.

Oras na nang uwian at as-usual ay mag-kasabay lang kami ng uwi ni Christell. Tinarayan ko ito nang tumingin sa akin habang ito ay napapailang habang malamig ang tingin.

Pagdating sa mansion nito ay hindi ko pa rin ito pinansin.

"Tsk" I hissed.

"What?" malamig na turan nito.

"Ang pangit mo" inis na wika ko. Sumama naman ang timpla ng mukha nito.

"H-hoy g-gagi joke lang eh" nauutal na wika ko ng lumapit ito sa akin hanggang ma-corner ako nito.

"I am ugly?" she coldly asked. Awkward na tumawa naman ako.

"Lumayo ka nga ng kaunti Christell" kinakabahang wika kk at bahagya itong tinulak.

"Am I ugly in your eyes?" she so ly said.

"H-ha? Hindi joke lang eh" wika ko. Bahagya ko itong tinulak para lumayo. Pero nakakapang-hina ang mga tingin nito. "Christell?" mahinang tawag ko.

She heave sigh and go a little further. Mabilis akong umalis sa harapan nito at pumasok sa kusina at agad na uminom ng maraming tubig.

Parang nanunuyo ang lalamunan ko at kasabay ng pagbilis ng tibok ng puso ko. Magkakasakit ata ako sa puso dahil sa kanya.

Pagkalabas ko ay hindi ko na naman ito naabutan. Tinignan ko ang wrist watch ko kung anong oras na at pasado alas otso na pala.

Nagluto na lang ako ng kakainin namin tanging nag adobo lang ako ng manok na hinaluan ko ng karne ng baboy.

"Stop using your keypad phone" she said ng makapasok gulat ko itong tinignan.

"Ano ba, palagi kana lang nang-gugulat" singhal ko. "Wala akong gagamitin kung diko gagamitin ang cellphone ko at hindi ko mako-contact ang kapatid ko—"

"That's not what I mean" putol nito. Taka ko itong tinignan. "Here, open it" saad nito kasabay ng pag-abot sa isang box. Nanlaki ang mata ko nang makita kong Iphone iyon.

"A-ay hindi ko kailangan yan" tanggi ko at tumalikod para ihanda ang hapunan namin. Agad ko nilagyan ang pinggan namin ng kanin at ulam, nilapag ko rin kaagad iyon.

Nakita ko itong naka-tayo at walang emosyon niyang mukha na nakatingin sa akin kasabay na malamig nitong mga tingin.

"Huwag mo nga akong tignan ng ganyan" napapailang ito at inilapag ang box sa table.

"Open it" turan nito at nilampasan ako para maghugas ng kamay.

"Hindi ko kailangan ng cellphone"

"You are Professor, you need to used touchscreen phone" she simply said.

"Ayaw kong masumbatan Christell"

"Who told you?" natahimik ako. Umupo ito at sinimulang kumain. "Sit and eat" she said coldly.

Hindi ako nagsalita at umupo na para kumain.

"I will not ask for anything in return for what I've given—what I have, you should have the same" she said. Hindi ako makapag salita.

Nang matapos kami sa pagkain ay naiwan ako dito sa kusina habang siya naman ay umakyat na taas, hindi ko alam kung bubuksan ko ba ang box na may lamang Iphone o ibabalik ulit ko sa kanya.

Kapag binalik ko to, baka papatayin na ako sa tingin at kapag bubuksan ko to ano na naman? Hindi pa rin ako sanay gumamit ng touchscreen, kaya nga mas bet ko yung keypad lang. Hindi rin ako familiar sa mga apps.

Wala naman akong pagpipilian kaya naman binuksan ko na lang, namamangha ako sa kulay non, isa itong kulay gray.

Hindi naman ako bobo mag-open nito at as usual ay bumungad sayo ang Hello.

Magpapatulong na lang ako kay Christell kung paano gumamit ng mga ito. Tatal siya lang naman may alam sa ganitong bagay. Ultimong social media nga ay wala ako.

Kinabukasan ay maaga akong nagising dahil magluluto pa ako ng umagahan namin, Biyernes naman ngayon at half-day lang ang pasok namin. Meron pang two weeks na sembreak sa mga estudyante at Professor.

Gusto ko sanang yayain si Christell mag hiking kaso baka bugahan lang ako ng yelo. Kaya ko naman siguro mag-isa.

Sakto naman tapos na akong nagluto ng pumasok ito sa kusina.

"Christell" tawag ko, tumingin ito sa akin.

"What?" masungit na turan nito.

"Wala" tanging saad ko na lamang.

"Good morning ma'am" bati nilang lahat ng makapasok ako.

"Good morning class" wika ko. "May sasabihin ako." naka-ngiting usal ko. Lahat sila ay nakatingin sa akin. "Maghi-hiking kasi ako next week dahil semestral break naman, kung free kayo at gusto niyo ng jamming—"

"Sure ma'am saan?" wika nila.

"Diko pa alam—" kamot-ulong wika ko. Natawa naman sila.

"Ma'am sa probinsya namin" lahat kami napatingin kay Miss. Abuelo. "Safe naman doon ma'am sa lupain namin, pwede mag-hiking ang lahat pero mga tatlong araw lang pinapayagan." dugtong nito.

Lahat sila napatingin muli sa akin. "Ano game ba kayo?"

"YES!!" sigaw nilang lahat.

"Sa 7/11 tayo magkikita, exactly 7 a.m para hindi mainit." wika ko. Lahat sila ay nakatingin sa akin at tumango.

Naging active naman ang mga ito sa klase ko na siyang ikinatuwa ko.

Pag-uwi sa bahay ay agad katingan si Christell kaso wala pa ito dahil wala pa ang kanyang kotse. Hanggang sa sumapit ang alas dose ay hindi pa rin ito umuwi kaya naman tinawagan ko na kaso out of coverage lang ang phone nito.

Napag-pasiyahan ko na lamang na matulog, tatal kaya naman nito ang sarili niya. Malaki na iyon.

Nagising ako sa ingay na nagmumula sa sala at tila nagtatawanan pa. Agad kong binuksan ang pinto ng kwarto para makita kung sino iyon, si Christell na may kasamang lalaki habang naka-hawak ito sa kanyang beywang at hinahalikan ang leeg nito.

Napatakip ako sa aking bibig, at hinayaan ang luhang lumalandas sa aking pisngi. Parang may kutsilyo akong naramdaman sa aking dibdib at mas sumisikip ito. Mas lalo akong napaiyak ng marinig ko itong umungol, gusto kong sumigaw pero hindi ko magawa.

Kaya ba ganitong oras na ito umuusi sa mga nakaraang araw dahil may lalaki ito? Bakit niya ako pinakasalan kung ganon lang rin naman.

Pabagsak kong sinara ang pinto ng kwarto at dinoble lock iyon, wala na akong pakealam kung narinig nila yon o hindi, basta ang alam ko lang ay masakit ang nararamdaman ko. Napa-upo ako sa kama at doon umiyak nang umiyak, hinayaan ko ang sarili ko.

"Avhell" boses iyon mula sa pinto ng kwarto habang kumakatok pa. Hindi ako nagsalita. Para akong kakapusin ng hininga. Hinintay ko itong maka-uwi para sabay kaming kakain at para magpaturo sa kanya pero hindi ko naman akalain na nag-sasaya pala ito.

"Avhel open this door" she shouted. "Avhell please let's talk" napahagulgol na ako ng tuluyan. Ano ba ang dapat kong maramdaman sa kanya?. Siguro nga ako lang ang nagbibigay ng malisya sa pinapakita nito. "Avhell please" wika nitong muli habang kumakatok.

Ilang minuto rin siyang sumisigaw sa labas at hindi ko man lang siya pinag-buksan.

Wala dapat akong maramdaman kay Christell kasi una sa lahat pilit lang ang kasalanan na ito, pangalawa pareho kaming babae, pangatlo hindi namin mahal ang isa't-isa.

Pagak akong natawa at hinayaan ang sarili kong mahiga sa kama. Nakatingin lamang sa ceiling habang umiiyak. Hindi pa rin humuhupa ang nararamdaman ko. Ang bigat pa rin.

Kinabukasan ay sobrang sakit ng ulo ko. Pakiramdam ko ay mabibiyak ito.

Hindi ko alam kung lalabas ba ako o hindi. Naka-lock pa rin ang pinto ko.

"Avhell" boses na naman iyon. Hindi ko ito sinagot at tinakpan ang tenga ko ng unan. "M-mali ka nang nakita mo" rinig ko mula dito.

Sana nga mali lang yon, ni hindi nga niya matulak ang lalaki.

Bumangon ako mula sa pagkakahiga at inayos ang damit ko. Ayaw ko na sa bahay na to masiyadong masakit, siguro doon muna ako sa apartment ng kapatid ko.

Wala pa akong mukhang maihaharap kay Christell matapos ang nangyari kagabi. Ayaw kong makita niya ang pamumugto ng mata ko at baka isipin a ected ako sa nangyayari. Bakit hindi ba ako a ected? Nakakainis.

Nilagay ko ang gamit ko sa maleta at hinayaan muli ang mata kong umiyak. Kasal lang naman kami ng sapilitan bakit ako magiging apektado sa kanya?. Dapat nga matuwa ako dahil mapapawalang bisa iyon at may rason ako para makipag-divorce dito.

Hindi ko ulit ito narinig. Naligo na lamang ako at pagkatapos ay binuksan ang pinto habang hila-hila ang maleta ko. Nakita ko ito sa sala na nakatingin sa akin. Agad akong umiwas.

"Avhell" gulat na sambit nito sa pangalan ko.

"I'm leaving" I said.

"No!" pagak akong natawa at hinubad ang wedding ring na nasa kamay ko. Inilapag ko iyon sa glass table kasama ng cellphone na binigay nito sa akin.

"Ayaw kong magkaroon ng utang sayo—"

"Avhell let's talk" kita ko ang halu-halong emosyon na dumaloy sa kanyang mga mata at ang paglambot ng kanyang expression.

"Sapat na siguro iyong nakita ko kagabi" wika ko. Iyon siguro ang lalaking sinasabi ng co-professor namin na hinanap nito si Christell.

Hindi ko alam na nakalapit na pala ito sa akin at hinawakan ang kamay ko. Tinabig ko iyon na ikina-bigla nito.

"Avhell"

"Hayaan mo muna ako—"

"No! Avhell please"

"Speak"

"Nilagyan niya ng droga ang ininikom mo" mahinang wika nito.

"Nilagyan?" pagak akong natawa. "Nilagyan o ginusto mo?"

"Avhell hindi iyan totoo"

"Ano ba ang dapat kong paniwalaan Christell? Pareho naman natin, ayaw ang kasal na ito" umiwas ito ng tingin.

"Hindi ka pwedeng umalis! Wala akong pakealam kung maniwala ka o hindi" wika nito.

"Damn Christell"

"Avhell maniwala ka naman! He put a drug on my drink— hindi ko nga alam paano ako nakauwi sa bahay na ito kagabi dahil wala akong maalala" napa-upo na lamang ako at tuluyan nang umiyak.

Ang sakit sa dibdib.

Continue reading next part